# Proyektong Pag-alala ng Grenfell

Brigada ng Bumbero ng London

(London Fire Brigade)

Paunang Konsultasyong Pakikipag-ugnayan

**Ulat ng Buod at Pagsusuri**

Awtor: Clive Caseley, Sue Clegg

Petsa: Agosto 15, 2025

Available sa iba't ibang format ang ulat na ito, para sa karagdagang impormasyon, mangyaring mag-email sa: Grenfell.Engagement@london-fire.gov.uk

Mag-text o tumawag sa: 07385 382580

# MGA NILALAMAN

1 BUOD NG PANGUNAHING PUNTO

1.2 MAHAHALAGANG NATUKLASAN

1.3 MGA REKOMENDASYON

# 1. BUOD NG PANGUNAHING PUNTO

## 1.1 TUNGKOL SA PAKIKIPAG-UGNAYAN

Ang ulat na ito ay buod ng mga natuklasan mula sa panahon ng paunang konsultasyong pakikipag-ugnayan para sa Proyektong Pag-alala ng Grenfell (Grenfell Memory Project), na itinatag ng Brigada ng Bumbero ng London (LFB) bilang isang makabuluhan at pangmatagalang tugon sa kasunduang sibil na Alternatibong Paraan ng Pagresolba ng Alitan (ADR).

Idinisenyo ang prosesong ito ng pakikipag-ugnayan upang direktang marinig mula sa mga Claimant ng ADR, lalo na ang malalapit na pamilya ng mga nasawi at mga nakaligtas, upang magsilbing batayan sa pagbuo ng detalyadong mga panukala para sa pampublikong konsultasyon hinggil sa pagpapatupad ng proyekto.

Tiniyak ng LFB ang pinakamalawak, madaling lapitan, at mabilis na pamamaraan ng pakikipag-ugnayan sa komunidad ng Grenfell, bukod pa sa mga pormal na hakbang para sa pagkakapantay-pantay gaya ng mga pagsasalin, tagapagsalin ng wika, at kultural na angkop na pagpaplano.

Sinuportahan ng Verve Communications ang prosesong ito. Ang papel ng Verve ay suriin at pag-aralan ang impormasyong nakalap ng LFB mula sa pakikipag-ugnayan, kabilang ang mga tala mula sa mga pagpupulong, tugon sa mga questionnaire, panayam, at puna mula sa mga lokal na kaganapan. Bagama't hindi direktang nagsagawa ng pananaliksik ang Verve, sinikap nitong pagsamahin at buuin ang mahahalagang tema at tukuyin ang mga implikasyon para sa pagbuo ng mga na opsyon sa konsultasyon sa hinaharap.

Kasama sa proseso ng LFB ang istrukturadong pakikipag-ugnayan sa mga pangunahing stakeholder, indibidwal na pag-uusap, mga pagpupulong ng komunidad, at pagbuo ng isang online na questionnaire na kapwa idinisenyo kasama ang mga kinatawan ng komunidad.

Nakatulong ang mga pananaw na nakalap mula sa mga paunang pag-uusap sa paghubog ng mga tanong at istruktura para sa mas malawak na pakikipag-ugnayan. Habang lumilitaw ang mga tema, sinubok at pinahusay ang mga ito ng mga kalahok, na sa kalaunan ay nagsilbing batayan sa parehong istruktura ng questionnaire at balangkas para sa pagsusuri.

Binigyang-prayoridad ng mga aktibidad sa pakikipag-ugnayan ang pagiging inklusibo at naaakses, kasama ang mga pagsisikap na maisama ang iba't ibang boses, kabilang ang mula sa mga hindi gaanong kinakatawan at hindi nagsasalita ng Ingles na mga komunidad.

Nagsagawa ng masigasig na mga pagsisikap ang pangkat ng LFB upang ipaalam ang gawaing ito sa target na grupo sa pamamagitan ng mga liham, email, mensahe sa WhatsApp, mga rekomendasyon mula sa mga nakaligtas at mga kaanak, pagho-host at pagdalo sa mga kaganapan, at pakikipagtulungan sa mga kinatawan ng mga grupong sumusuporta sa mga taong naapektuhan ng Grenfell.

Handang tumulong ang Nangunguna sa Konsultasyon at Pakikipag-ugnayan ng LFB "tuwing kailangan at ayon sa pangangailangan" para sa mga Claimant ng ADR at mga indibidwal na naapektuhan ng Grenfell sa buong panahon ng paunang konsultasyon, na lubos na kinikilala na ito ay hindi isang 9–5 o Lunes hanggang Biyernes na obligasyon para sa LFB. Ang layunin noon at nananatili hanggang ngayon ay ang pagbuo ng pangmatagalang ugnayan na lampas sa saklaw ng Proyektong Pag-alala.

Kabuuang 329 na indibidwal, kabilang ang mga kabataang nakibahagi sa pamamagitan ng The Space na grupo ng kabataan, ang lumahok sa paunang konsultasyong pakikipag-ugnayan. Kasama sa bilang na ito ang 68 malalapit na kaanak ng mga nasawi, 261 nakaligtas, at mga residente mula sa Walkways o iba pang mga claimant ng ADR. (Mangyaring sumangguni sa 3.4.1 Talahanayan 2 – Buod ng Partisipasyon – para sa detalyadong breakdown).

Nagsagawa ang pangkat ng Pakikipag-ugnayan sa Komunidad ng 31 pagpupulong ( sa personal at online), samantalang ang The Space, na inatasang mangalap ng pananaw ng kabataan, ay nag-host ng 4 na mga workshop na pinangungunahan ng kabataan at 3 "mga sesyon ng pagninilay" kasama ang mga kabataang mga bata pa noong naganap ang trahedya. Sinabayan ng isang online na questionnaire ang mga interaktibong sesyon na ito, na hiniling ng iba pang mga indibidwal na naapektuhan ng Grenfell na mas piniling ibahagi ang kanilang puna nang pribado. Nakatanggap din ng karagdagang mga pagsusumite sa pamamagitan ng email.

Nagbahagi ng malawak na hanay ng mga pananaw, ideya, at mithiin para sa kinabukasan ng Proyektong Pag-alala ng Grenfell ang mga kalahok, na sinusuri sa ilalim ng apat na tematikong pamagat:

1. Mga Personal na Proyektong Pag-alala
2. Mga Bata at Kabataan
3. Pag-iwas sa mga Hinaharap na Trahedya
4. Katatagan ng Komunidad.

Sumusuporta ang mga tugon mula sa pakikipag-ugnayan sa pagbuo ng isang matapang at tumutugong programa, at inistruktura ang mga rekomendasyon para sa LFB batay sa mga temang ito, pati na rin sa mga pangkalahatan at pangkabuuang rekomendasyon para sa buong programa.

## 1.2 MAHAHALAGANG NATUKLASAN

Bagama't magkakaiba ang mga opinyon, narinig ng LFB ang pagkakasundo sa ilang pangunahing prinsipyo: kakayahang umangkop, dignidad, pangmatagalang epekto, at ang kahalagahan ng pagbibigay-daan sa mga pamamaraang pinangungunahan ng komunidad.

Palagiang binibigyang-diin ng malalapit na kaanak ng mga nasawi ang kahalagahan ng pagpili at awtonomiya pagdating sa pag-alala sa mga mahal nila sa buhay. Binanggit nila na ang alaala ay hindi pare-pareho para sa lahat.

Maaaring gusto ng ilang pamilya ang mga tahimik na lugar para sa pagninilay at panalangin, habang ang iba naman ay maaaring maghangad na makinabang ang kanilang mga komunidad o magpagawa ng mga malikhain o pang-alaalang gawain nang pribado.

Mahalagang igalang ng Proyektong Pag-alala ang mga pagkakaibang ito, iwasan ang iisang pamamaraang para sa lahat, at magbigay-daan upang maisama ang mga personal, panrelihiyon, o kultural na tradisyon.

Binigyang-diin ng ilan ang pangangailangan ng nakalaang mga mapagkukunan, epektibong administrasyon, at praktikal na tulong upang maisalin nila ang kanilang mga ideya tungo sa mga personal na proyektong pag-alala na makabuluhan at maisasakatuparan.

Isa pang malinaw na naging pokus ay ang mga kabataan. May pagkakasundo na ang mga bata at kabataang naapektuhan ng Grenfell — direkta man o hindi — ay patuloy na nangangailangan ng suporta upang umunlad at maging pinakamabuting bersyon ng kanilang mga sarili.

Kabilang dito hindi lamang ang mga nawalan ng kaanak, kundi pati na rin ang mga kaklase ng mga batang nasawi, mga kabataang naninirahan o nag-aaral pa rin malapit sa Tower, at yaong

mga magulang o lolo't lola na naapektuhan. Ibinahagi ang usapin ng emosyonal na trauma, naudlot na edukasyon, at patuloy na pangangailangan sa kalusugang pangkaisipan.

Binigyang-diin ng mga kalahok ang kahalagahan ng kultural na angkop na mga inisyatiba sa kalusugang pangkaisipan, pati na rin ang mga pagkakataon para sa malikhaing pagpapahayag at paggaling. Marami ring kalahok ang gustong makita ang konkretong pamumuhunan para sa kinabukasan ng mga kabataan: tinalakay ang mga scholarship, bursary, apprenticeship, pagsasanay, at pagmementor.

Malawakang pinahahalagahan ang papel ng mga organisasyon ng komunidad sa pagsuporta sa kabataan, at binigyang-diin ng mga kalahok ang pangangailangan para sa pangunahing pondo ng organisasyon at mas mahusay na koordinasyon sa mga katulad na lokal na inisyatiba upang maiwasan ang pag-uulit, mas mahusay na magamit ang lokal na kaalaman, at makatulong sa pagpapatibay ng katatagan sa antas ng komunidad.

Naramdaman ng maraming tao na ang mga aral mula sa Grenfell — kabilang ang mga pagkukulang sa kaligtasan sa pabahay, regulasyon ng mga gusali, at pananagutan ng mga institusyon — ay hindi sapat na nakapagbago sa kultura ng iba't ibang industriya.

May malinaw na kagustuhang suportahan ng Proyektong Pag-alala ang edukasyon, pagsasanay, at adbokasiya na makapipigil na maulit ang katulad na trahedya. Mas gusto ng mga kalahok ang pagsasanay at pagpapalawak ng kaalaman na nakatuon sa mga propesyonal, lalo na sa Itinayong Kapaligiran at pabahay, tulad ng mga arkitekto, mga inhinyerong sibil, mga manggagawa sa konstruksyon, at mga propesyonal sa kaligtasan ng gusali.

Marami ang sumuporta sa ideya na ang Patuloy na Propesyonal na Pagpapaunlad (Continuing Professional Development o CPD) ng mga industriyang ito ay dapat humugot ng kaalaman mula sa karanasan ng mga nakaligtas at malalapit na kaanak. May interes na maisama ang mga aral na ito sa propesyonal na akreditasyon, mga akademikong kurso, at mga pamantayan sa regulasyon.

Binigyang-diin ng mga kalahok ang potensyal ng mga grupong pinangungunahan ng mga nakaligtas, pagkukuwento ng mga naulilang pamilya, at pakikilahok ng komunidad bilang susi sa pagbuo ng mga mapagkukunan para sa edukasyon at/o pagsasanay—sa halip na sapilitang pagsasanay o pakitang-taong kampanya.

Binuo ang katatagan ng komunidad hindi lamang sa konteksto ng paggaling mula sa trauma kundi pati na rin sa pagsuporta sa mga aktibidad ng komunidad at pagpapalakas ng kapasidad (kabilang ang pagpapalakas ng imprastruktura upang suportahan ang mga komunidad na labis na naapektuhan ng Grenfell). Binigyang-diin din ng ilan ang kahalagahan ng pagsasanay sa paunang lunas, edukasyon sa kaligtasan sa sunog, at mga sesyon para sa kamalayan ng komunidad upang matulungan ang mga residente na tumugon sa oras ng krisis.

Ang pagpapalakas ng kumpyansa at kaalaman sa antas ng komunidad — lalo na sa matatayog na gusaling tirahan at sa mga bulnerableng grupo — ay itinuturing na isang mahalagang hakbang patungo sa katatagan. May iisang pag-asa na ang Proyektong Pag-alala ng Grenfell ay hindi lamang makakatulong sa paggaling, kundi pati na rin sa pagpapalakas, paghahanda, at pagtutulungan para sa hinaharap.

Nakatanggap ng malakas at malawakang suporta ang panukala para sa isang nakalaang sentro ng komunidad—lalo na kung maaari itong magsilbing ligtas, nakakaanyaya, at lugar na kaaya-aya para sa kabataan para sa lahat ng residente. Binigyang-diin ng mga kalahok na, upang maging makabuluhan, dapat na ilagay ang sentro ng komunidad malapit sa Tower ng Grenfell at madaling mapuntahan ng lokal na komunidad. Ang ipinapanukalang sentro ng komunidad ay magiging isang multi-purpose na espasyong idinisenyo upang isulong ang koneksyon sa lipunan, paggaling, at personal na paglago. Dapat itong magbigay ng ligtas na kapaligiran kung saan ang mga kabataan at residente anuman ang edad ay maaaring magsama-sama, maramdamang kabilang sila, at magkaroon ng akses sa makabuluhang mga oportunidad.

Marami ang nagpahayag ng pagkadismaya na nananatiling kulang ng agarang aksyon o may kawalan ng interes mula sa ilang institusyon. Ang isang malakas na tema sa buong pakikipag-ugnayan ay ang determinasyon na ang mga natutunang aral ay dapat humantong sa pangmatagalang pagbabago.

Sa pamamagitan ng gawaing pakikipag-ugnayang ito, nakalikom ang LFB ng maraming pananaw tungkol sa mga layunin para sa programa, malikhain at nagbibigay-inspirasyong mga ideya, at pinarangalan itong marinig ang mga kwento ng marami sa mga taong naapektuhan ng trahedya sa Grenfell. Inaasahan na ngayon ng mga tao na gagampanan ng Proyektong Pag-alala ng Grenfell ang bahagi nito na isakatuparan ang pagbabago.

## 1.3 MGA REKOMENDASYON

Ang mga rekomendasyon ay nakaugat sa mga pananaw na ibinahagi sa panahon ng paunang konsultasyon at idinisenyo upang gabayan ang mga susunod na yugto ng pagbuo ng programa at konsultasyon. Ibinubuod ang mga ito sa ibaba, na may karagdagang detalye sa seksyon 6 ng ulat.

### 1.3.1 MGA PERSONAL NA PROYEKTONG PAG-ALALA

**REKOMENDASYON 1. Mga personal na proyektong pag-alala – mga praktikal na desisyon batay sa prinsipyo**

Dapat isaalang-alang ng LFB ang pagtatatag ng isang nakalaang grant scheme upang ipamahagi ang isang tiyak na bahagi ng kasunduang sibil para suportahan ang mga personal na proyektong pag-alala. Kinakailangan ang karagdagang pagsusuri ng LFB hinggil sa pagbuo ng mga estruktura kung paano maipapamahagi ang scheme, ang laki ng grant, pagiging karapat-dapat, at proseso ng aplikasyon.

**REKOMENDASYON 2. Pagsuporta sa mga tao upang bumuo ng kanilang personal na proyektong pag-alala**

Upang matiyak ang pantay na akses, ipinapahiwatig ng punana dapat bigyang-kapangyarihan ng LFB ang mga indibidwal na buuin ang kanilang sariling personal na proyektong pag-alala, na nagbibigay ng oras at espasyo sa mga tao para pagnilayan at tukuyin ang kanilang mga ideya sa pag-alala nang walang presyur na sumunod sa inaasahan ng iba.

### 1.3.2 MGA BATA AT KABATAAN (HANGGANG 30 TAONG GULANG)

verve

**REKOMENDASYON 3. Pagsuporta sa mga oportunidad sa pagkatuto, edukasyonal, at bokasyonal na pagsasanay**

Malawakang sinusuportahan na ang mga bata at kabataan ay dapat matulungang isakatuparan ang mga layunin nila sa edukasyon at propesyonal na karera.

Dapat lumikha ang LFB ng isang flexible na grant scheme para sa mga indibidwal na kabataang naapektuhan ng Grenfell, na sumasaklaw sa akademiko, bokasyonal, at impormal na edukasyon.

**REKOMENDASYON 4. Unahing suportahan ang mga bata at kabataan**

Ipinahayag ng mga kalahok ang malinaw na hangarin na ituon ang suporta sa mga bata at kabataang labis na naapektuhan ng trahedya.

Dapat tukuyin ng LFB kung sino ang ipinapanukalang bibigyan ng prayoridad sa indibidwal na suporta, habang tinitiyak ang patas at malinaw na akses para sa lahat.

**REKOMENDASYON 5. Impormal na pagkatuto at kasanayan sa buhay**

Binigyang-diin ng mga kabataan at pamilya ang kahalagahan ng mga hindi-akademikong aktibidad na sumusuporta sa paggaling, kumpiyansa, at kasanayan sa buhay.

Dapat ding isaalang-alang ng LFB ang paggawa ng mga grant na makakatulong sa personal na pag-unlad, kasanayan sa buhay, at/o sa pagpapaunlad ng natukoy na talento.

**REKOMENDASYON 6. Suporta sa pamamagitan ng mga organisasyon ng komunidad**

Bilang isang pangunahing institusyon na may lokal na presensya, ang LFB ay may ideyal na posisyon upang gamitin ang sarili nitong mga network pati na rin ang pondo mula sa kasunduan sa ADR, at nararapat itong:

- Makipagtulungan sa mga kilalang organisasyon na sumusuporta sa kabataan
- Hikayatin ang pagtutulungan at iwasan ang pag-uulit ng gawain
- Suportahan ang pag-unlad at katatagan ng mga manggagawa
- Maglaan ng pondo para sa pisikal at digital na imprastraktura para sa mga aktibidad ng kabataan sa mga komunidad malapit sa Grenfell.

### 1.3.3 PAG-IWAS SA MGA HINAHARAP NA TRAHEDYA

**REKOMENDASYON 7. Gamitin ang kapangyarihan ng mga testimonya mula sa personal na karanasan upang itaas ang kamalayan at isulong ang pagbabago ng kultura**

Maraming kalahok ang nagbigay-diin sa kahalagahan ng pagsasabi ng katotohanan tungkol sa Grenfell sa paraang nakapagbibigay ng tunay na pagbabago, lalo na sa mga industriya sa loob ng Itinayong Kapaligiran:

- Kasama rito ang mga kuwento ng mga nakaligtas at pamilya, pati na rin ang pagbabahagi ng testimonya bilang bahagi ng mga materyales sa pagsasanay
- Ang isang proseso ng magkatuwang na pag-unlad, na kinabibilangan ng mga nakaligtas at apektadong pamilya, ay dapat tukuyin ang mga prayoridad at pangunahing mensahe
- Dapat itatag ang mga pakikipagtulungan sa industriya ng itinayong kapaligiran at sa mga propesyonal na institusyon
- Dapat maging naaakses ang mga output sa labas ng UK at nakabatay sa masusing pananaliksik.

**REKOMENDASYON 8.** **Malinaw na paraan para maipatupad ang pagbabago sa kaligtasan ng mga gusali.**

May malalim na pag-aalalang hindi pa ganap na natatanggap o naipatutupad ang mga pangunahing aral mula sa Grenfell.

Nasa ideyal na posisyon ang LFB upang gamitin ang kanilang kaalaman at ugnayan sa mga pangunahing organisasyon upang suportahan ang gawain na direktang nakakaapekto sa kasanayan sa sektor ng nilikhang kapaligiran. Inirerekomenda na:

- Dapat itong malinaw na nakatuon sa mga industriya sa loob ng itinayong kapaligiran
- Ang mga de-kalidad na materyales — tulad ng mga toolkit, gabay, at pelikula — ay dapat sabay-sabay na ginawa kasama ang mga pamilya ng mga namatay, mga nakaligtas, at mga eksperto sa teknikal, at sumailalim sa pagsusuri ng kapuwa eksperto
- Dapat na estratehikong planuhin ang pagpapalaganap sa pamamagitan ng mga tagapagpatupad ng layunin, tagapagbigay ng edukasyon, at mga lider ng industriya
- Dapat itong suportahan ng isang matibay na bisyon — paglikha ng impormasyon at gabay na maaabot din sa labas ng UK.

### 1.3.4 KATATAGAN NG KOMUNIDAD

**REKOMENDASYON 9.** **Maglunsad ng isang Grant Scheme para sa Katatagan ng Komunidad**

Patuloy na kinikilala ang mga organisasyon sa komunidad bilang pundasyon ng lokal na suporta. Upang higit na mapalakas ang mga grupong ito at itaguyod ang pagpapagaling, inklusyon, at katatagan kasunod ng trahedya sa Grenfell, inirerekomenda na isaalang-alang ng LFB ang pagtatatag ng isang nakatuong grant scheme upang suportahan ang mga inisyatiba ng pinamumunuan ng komunidad.

Dapat magbigay ang iminungkahing grant scheme ng parehong pangunahin at partikular para sa proyektong pondo sa mga organisasyon na:

- Maghatid ng mga serbisyo at aktibidad na may kultural na kakayahang nagpapabuti sa kalusugang pangkaisipan, kagalingan, at pagkakaisa sa lipunan—lalo na para sa mga residenteng may kapansanan, matatanda, at nasa mahina o bulnerableng kalagayan
- Lumikha ng mga oportunidad para sa mga lokal na indibidwal at komunidad na magsama-sama upang matuto, magtrabaho, at magdiwang, na nagtataguyod ng pagpapagaling at pagkakaisa
- Itaguyod ang kamalayan tungkol sa mga isyung may kaugnayan sa Grenfell at siguraduhing ang mga aral na natutunan ay patuloy na naibabahagi at naisasabuhay.

**REKOMENDASYON 10.** **Pagpapaunlad ng community hub**

May malakas na suporta para sa isang permanente, multi-purpose na espasyong pang-komunidad na konektado sa pagbangon at legasiya ng Grenfell na may mga sumusunod na katangian:

- Ang isang nakalaang pisikal na hub ay dapat magbigay ng espasyo para sa mga aktibidad ng kabataan, panalangin para sa maramihang pananampalataya, gawaing nakakapagpaginhawa, at iba't ibang aktibidad ng komunidad
- Dapat na hinubog ng mga apektadong residente ang disenyo, pamamahala, at programa, lalo na ng malalapit na pamilya ng mga yumao, mga nakaligtas, at mga residenteng nasa paligid ng Grenfell Tower
- Isang malinaw na plano ng negosyo at modelo sa pagpopondo upang matiyak ang pangmatagalang pagpapanatili.

### 1.3.5 PANGKALAHATANG ELEMENTO NG PROYEKTO

**REKOMENDASYON 11. Mga inklusibo, kolaboratibo, at mga pangkat na pinamumunuan ng komunidad o estruktura**

Dapat magtatag ang LFB ng malinaw at hayagang mekanismo ng pamamahala upang mangasiwa sa bawat bahagi ng Proyektong Pag-alala at sa buong programa:

- Dapat isama sa mga estrukturang ito ang malalapit na pamilya ng mga yumao, mga kinatawan ng lokal na komunidad, at mga kaugnay na eksperto.
- Dapat piliin ang mga miyembro sa pamamagitan ng patas at inklusibong proseso, na malinaw ang saklaw ng tungkulin, impluwensya, at kapangyarihan sa paggawa ng desisyon.

**REKOMENDASYON 12. Pagbibigay ng grant**

May malinaw na pagkakaisang dapat na malawakang ipatupad ng LFB ang kasunduang sibil ng ADR sa pamamagitan ng pagbibigay ng grant at mga gantimpala sa mga indibidwal at grupo sa komunidad.

Inirerekomenda na ang mga indibidwal na grant scheme sa loob ng proyekto ay itatatag na may:

- Isang malinaw na pahayag ng layunin at tinukoy na mga benepisyaryo, na sabay-sabay na nabuo
- Isang malinaw na nakasaad na pamamaraan para sa estruktura ng scheme (laki ng gantimpala; uri ng sinusuportahang aktibidad; mga kinakailangan para sa pagiging karapatdapat ng isang indibidwal, organisasyon, at/o pakikipagtulungan; atbp.)
- Isang maayos na proseso ng gantimpala (mga pamantayan sa pagbibigay; proseso ng aplikasyon; proseso ng pagsusuri at paggawa ng desisyon; anumang kinakailangan para sa mga tatanggap na mag-ulat; atbp.)
- Angkop na audit at pananagutan sa pinansyal (na malinaw ang saklaw ng mga ulat na kinakailangan mula sa mga tumatanggap ng mga gantimpala).

**REKOMENDASYON 13. Estratehiya sa komunikasyon para sa mismong programa**

Mahalaga ang epektibong komunikasyon upang matiyak ang kalinawan at hikayatin ang partisipasyon, at ang LFB ang dapat manguna sa pagbuo ng estratehiya sa komunikasyon at planong operasyonal para sa mismong Proyektong Pag-alala.

**REKOMENDASYON 14. Mga rekomendasyon para sa proseso ng konsultasyon**

Inaasahan ng mga kalahok ang isang matibay, malinaw, at maayos na pinamumunuang proseso ng konsultasyon, at dapat sumunod ang LFB sa pinakamahuhusay na gawi at pagyamanin ang mga prinsipyo na matagumpay na nasubok sa pakikipag-ugnayan bago ang konsultasyon.

**Makikita ang mas detalyadong impormasyon at pagsusuri ng pakikipag-ugnayan bago ang konsultasyon sa pangunahing ulat Bago ang Konsultasyon.**